AD-009-2023

ABISO SA MGA PILIPINO:

MAG-INGAT SA ILLEGAL RECRUITMENT AT CYBERCRIME SA TIMOG-SILANGANG ASYA

Nagbibigay ng babala ang Embahada ng Pilipinas sa Singapore na **tumataas ang bilang ng mga kaso ng mga Pilipinong *nare-recruit* sa mga paraang hindi naaayon sa batas.** Mga sindikatong kriminal na naka-base sa Timog-Silangan Asya (*Southeast Asia*) ang *nag-re-recruit* ng mga Pilipino galing sa Pilipinas at pati na rin sa ibang bansa upang magkamit ng mga *cybercrime*.

Naaakit ang mga Pilipinong biktima ng mga huwad na alok na trabaho bilang ***"Customer Service Representatives"*** or ***"Call Center Agents"*** sa mga bansa sa Timog-Silangang Asya (*Southeast Asia*). Kapag *na-recruit* na sila, bibigyan sila ng mga ticket upang lumipad sa isang bansa sa Timog-Silangang Asya (*Southeast Asia*), at mula roon ay dadalhin sila sa ibang pang karatig na bansa hanggang sa mga liblib na lugar. **Mapipilitan mula roon ang mga bikitima na magtrabaho bilang *online scammers* para sa *cryptocurrency* at iba pang uri ng *online scam*.**

Karamihan ng mga Pilipinong biktima ng trafficking na nasangkot sa mga *scamming activities* ay nakakaranas ng pang-aabuso sa kamay ng mga sindikatong kriminal. Kasama rito ang:

- abusong pisikal at sikolohikal;
- walang patid na oras ng pagtatrabahao sa malagim na kalagayan;
- hindi pagpapa-suweldo;
- pag-kumpiska ng mga pasaporte, *mobile phones* at *gadgets* nila; at
- pagpataw ng labis-labis na halaga ng pera kung nais nilang umalis sa trabaho.

May mga pinagbantaan ng kamatayan o puputulan ng mga kamay kung ayaw nilang ipagpatuloy ang trabaho nila. May mga binantaan din na mapapahamak ang mga kamag-anak nila sa Pilipinas. May mga bikitimang pinagbili sa iba pang sindikatong kriminal na sangkot sa pang-aalipin, kasama ang *sexual slavery*.

Binibigyang-diin ng Embahada itong babala sa publiko na mag-ingat sa mga sindikatong kriminal na nag-aalok ng trabaho sa *mainland* ng Timog-Silangang Asya (*Southeast Asia*).